



Hello mula sa INDONESIA!

Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.



Ang Indonesia ay isang bansa sa Southeast Asia. Mayroon itong mahigit 17,000 mga isla! Halos 280 milyong tao ang naninirahan doon.



ISANG LUMALAGONG SIMBAHAN

Binisita ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga miyembro sa kabiserang lungsod, ang Jakarta, noong 2019. At sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2023, ibinalita niya na isang templo ang itatayo roon!



MGA LUGAR NG PAGSAMBA

Nasa Indonesia ang pinakamalaking mosque ng Islam sa Southeast Asia. Naroon din ang pinakamalaking templo ng Buddhist sa mundo.



ISANG ASUL NA BULKAN!

Mas maraming aktibong bulkan sa Indonesia kaysa saanmang bansa. Ang Kawah Ijen volcano ay may mga asul na apoy na makikita sa gabi.

NAGSASALITA KA BA NG WIKA KO?



Indonesian ang opisyal na wika. Pero mahigit 700 mga wika ang sinasalita sa Indonesia! Ang ibig sabihin ng sawikain ng kanilang bansa ay "Marami, pero iisa" para ipakita na nagkakaisa sila.

TAHANAN NG MGA DRAGON

Ang mga Komodo dragon ang pinakamalalaking butiki sa mundo. Maari itong lumaki nang hanggang 10 talampakan (3 m) ang haba!



MGA LARAWANG-GUHIT NI CONNER GILLETTE

AKTIBIDAD

BATIK PAINTING

Ang Batik ay isang uri ng sining na nagdaragdag ng kulay sa tela. Kaya mo ring gumawa ng katulad niyan! Gumawa ng disenyo sa papel gamit ang liquid glue. Kapag tuyo na ito, pintahan ng mga watercolor ang pagitan ng mga linyang may glue.



NASI UDUK

RESIPE

- Hugasan ang **2 tasang puting bigas**. Ibadad ang bigas sa tubig nang isang oras, pagkatapos ay salain.
- Sa hiwalay na palayok, ibuhos ang **2 tasang gata ng niyog**. Pagkatapos ay magdagdag ng **2 buong sibuyas**, **1 cinnamon stick**, at **1 kutsarang asin**. Haluin at pakuluin.
- Idagdag ang bigas sa sarsa. Takpan at iluto sa mahinang apoy nang 15-20 minuto hanggang maluto ang kanin.
- Alisin sa kalan at takpan nang 10 minuto. Ihain nang may kasamang pinakuluang mga itlog, piniritong sibuyas, o iba pang mga sahog sa ibabaw.

Siguraduhing magpatulong sa isang adult!



MAHIMBING NA PAGTULOG SA GABI

Kailangan nating matulog para magkaroon ng lakas na tumakbo, maglaro, at magtrabaho. Subukang matulog sa parehong oras gabi-gabi. Gumawa ng isang bagay na makakatulong sa iyo na makapahinga bago ka matulog.

TIP PARA SA KALUSUGAN